

## Bantay Yugto 13

### Ang Bantay Ay isang Tagapag ingat para sa Kanyang mga Kapatid mula sa Buhay ni Jose

“12 At yumaon ang kaniyang mga kapatid upang magpastol ng kawan ng kanilang ama, sa Sichem. 13 At sinabi ni Israel kay Jose, Di ba nagpapastol ng kawan sa Sichem ang iyong mga kapatid? Halika, at uutusan kita sa kanila. At sinabi niya sa kaniya, Narito ako. 14 At kaniyang sinabi sa kaniya, Yumaon ka, tingnan mo kung mabuti ang lagay ng iyong mga kapatid, at kung mabuti ang lagay ng kawan; at balitaan mo ako. Gayon sinugo siya mula sa libis ng Hebron, at siya'y naparoon sa Sichem. 15 At nasumpungan siya ng isang tao, at, narito, na siya'y naggagala sa parang; at siya'y tinanong ng taong yaon, na sinasabi, Anong hinahanap mo? 16 At kaniyang sinabi, Hinahanap ko ang aking mga kapatid; ipinamamanhik ko sa iyo na sabihin mo sa akin kung saan sila nagpapastol. 17 At sinabi ng tao, Nagsialis na sila: sapagka't narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan.” (Genesis 37:12-17 KJV)

Si Jose ay ipinadala sa pamamagitan ng kanyang ama si Jacob upang yumaon at tingnan ang kanyang mga kapatid. Tinawag siya na maging isang bantay upang alagaan ang kalagayan nila. Mula sa nabanggit na talata, maaari nating ipagpatuloy ang mga sumusunod na punto:-

1. Tinawag ka upang maging handa na ipadala at pumunta sa mga lugar at sa mga taong na ipapadala ka ng Dios: “13 At sinabi ni Israel kay Jose, Di ba nagpapastol ng kawan sa Sichem ang iyong mga kapatid? Halika, at uutusan kita sa kanila. At sinabi niya sa kaniya, Narito ako.” (Genesis 37:13 KJV) Nang tinawag si Jose ng kanyang amang si Jacob kaagad siyang sumagot sa kanyan, “Narito ako.” Hindi siya gumawa ng anumang dahilan o sinubukang tumakas sa gawain na tinawag siya na gawin. Marami kapag sila’y tinawag magsisimula silang magreklamo, magbulong-bulong, at magsabi ng maraming dahilan. Hindi sinabi ni Jose, ‘Oh, malayo.’ ‘Oh, mahaba.’ ‘Oh, maitim ang panahon.’ ‘Oh, taglamig at sobrang lamig.’ ‘Oh, natatakot ako... hindi ako gusto ng aking mga kapatid.’ ‘Oh, masakit ang aking ulo.’ ‘Oh, pagod na ako.’ **Huwag kang gumawa ng mga dahilan upang takasan ang pagtawag ng Dios at ang tungkuling ipinagkatiwala sa iyo, kung hindi ay hindi ka pagpapalain ng Dios.**

2. Tinawag kang alagaan ang kapakanan ng iyong mga kapatid at magdala ng ulat tungkol sa kanila “14 At kaniyang sinabi sa kaniya, Yumaon ka, tingnan mo kung mabuti ang lagay ng iyong mga kapatid, at kung mabuti ang lagay ng kawan; at balitaan mo ako. Gayon sinugo siya mula sa libis ng Hebron, at siya'y naparoon sa Sichem.” (Genesis 47:14 KJV) Tinawag si Jose upang tingnan ang kapakanan ng kanyang mga kapatid, silang sampu, at hindi lamang sila kundi pati na rin ang kapakanan ng mga kawan. Tinawag din si Jose upang magbigay ng ulat sa kanyang ama na si Jacob. **Kaya ang mga bantay at ikaw kabilang sa kanila ay may pananagutan na tingnan ang mga gawain ng iyong mga kapatid at magbigay ng ulat sa mga taong responsable at mananagot sa kanila.**

3. Tinawag ka upang mag-ulat tungkol sa masamang gawain ng iyong mga kapatid sa responsableng awtoridad: Noong nakaraan, inulat din ni Jose ang maling gawain ng kanyang mga kapatid, ang mga anak nina Bilha at Zilpa, sa kanyang ama. “2 Ito ang lahi ni Jacob. Si Jose, na may labing pitong taon, ay nagpapastol ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama; at ibinalita ni Jose sa kanilang ama ang kasamaan nila.” (Genesis 37:2 KJV) Handang pagtiisan ni Jose ang pagkamuhí at pag-uusig para lamang masabi at maipahayag ang katotohanan. **Sa Bagong Tipan, kailangan muna nating harapin ang mga nagkakasala at ipaliwanag sa kanila ang kanilang mga kasalanan tulad ng mababasa natin dito. “15 At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid.” (Mateo 18:15 KJV) Kung hindi siya tutugon sa pagwawasto, kailangan na itong itaas at makialam ang iba, at sa huli ang simbahan. “16 Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis.” (Mateo 18:16-17 KJV) \*Ang layunin ng lahat ng iyon ay upang harapin ang kasalanan. Kaya bilang isang bantay na lalake at babae ang pag-uulat ay sapilitan tuwing kinakailangan upang harapin ang kasalanan. \* Kaya ang bantay at babaeng bantay na inaasahang humarap sa kasalanan at iulat ito kapag kinakailangan ay kailangang mamuhay sa kabanalan at malayo sa kasalanan.**

4. Tinatawag kang tiisin ang hirap ng paglalakbay: “14 At kaniyang sinabi sa kaniya, Yumaon ka, tingnan mo kung mabuti ang lagay ng iyong mga kapatid, at kung mabuti ang lagay ng kawan; at balitaan mo ako. Gayon sinugo siya mula sa libis ng Hebron, at siya'y naparoon sa Sichem.” (Genesis 47:14 KJV) Kaya si Jose dito ay kinailangan munang maglakbay ng medyo malayong distansya bago niya sila marating. Naglakbay siya mula Hebron patungong Shechem na humigit-kumulang 95 kilometro. Bukod pa rito, naglakbay siya mula

Sichem patungong Dotan na humigit-kumulang 19 kilometro ang layo. **“17 At sinabi ng tao, Nagsialis na sila: sapagka't narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan.” (Genesis 37:17 KJV)** Naglakbay si Jose gamit ang kanyang mga paa, dahil wala siyang asno o kabayo. **Kaya bilang isang bantay, maaaring kailanganin mong maglakbay sa malalayong distansya bago mo maabot ang mga taong ipinadala ka upang tingnan at suriin ang kanilang mga buhay.**

**5. Tinawag kang tiisin ang paglalakbay mula sa bukid patungo sa isa pa upang mahanap ang pakay na hinahanap mo: “15 At nasumpungan siya ng isang tao, at, narito, na siya'y naggagala sa parang; at siya'y tinanong ng taong yaon, na sinasabi, Anong hinahanap mo?” (Genesis 37:15 KJV)** Maaaring si Jose ay kumikilod sa iba't ibang parang upang matagpuan at maabot ang kanyang mga kapatid. Nang hindi matagpuan ni Jose ang kanyang mga kapatid sa Sichem, hindi siya bumalik sa kanyang ama, sa halip, nagpatuloy siyang hanapin sila upang matagpuan. **Yaong mga hindi tapat sa paglilingkod at ministeryo ay madaling sumusuko at bumabalik sa iyo na may negatibong sagot; ‘Oh, wala sila doon’, ‘Oh, hindi ko alam kung saan sila napunta’, ‘Oh, walang silbi pang hanapin sila’, atbp. Huwag kang maging katulad nila at huwag kang kumilos sa ganitong paraan kung nais mong pagpalain ka ng Dios.**

**6. Magpapadala ang Dios ng mga tao upang gabayan ka sa iyong paglalakbay: “15 At nasumpungan siya ng isang tao, at, narito, na siya'y naggagala sa parang; at siya'y tinanong ng taong yaon, na sinasabi, Anong hinahanap mo? 16 At kaniyang sinabi, Hinahanap ko ang aking mga kapatid; ipinamamanhik ko sa iyo na sabihin mo sa akin kung saan sila nagpapasalubong (Genesis 37:15-16 KJV)** Naghahanap at nagmamasa si Jose sa kanyang mga kapatid at ipinadala ng Dios sa kanya ang isang lalaki na napansin kung paano naglalakad-lakad si Jose, marahil mula sa bukid patungo sa bukid, kaya't tinanong siya tungkol sa kanyang hinahanap, at sumagot si Jose at sinabi na hinahanap niya ang kanyang mga kapatid at ibinigay ang mga detalye na nagpapasalubong sila ng kanilang mga kawan, kaya't sumagot ang lalaki at sinabi kay Jose na sila ay pumunta sa Dotan, **“17 At sinabi ng tao, Nagsialis na sila: sapagka't narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan.” (Genesis 37:17 KJV)** **B Bilang isang bantay na lalaki o babae, minsan hahayaan ng Dios na may mga tiyak na tao ang dumaan sa iyong buhay upang tulungan ka at bigyan ka ng ilang detalye na makakatulong sa'yo upang makamit ang kailangan mong gawin para makumpleto ang ministeryo na iniatas ng Dios sa'yo.**

**7. Magtiyaga at huwag sumuko: “17 At sinabi ng tao, Nagsialis na sila: sapagka't narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan.” (Genesis 37:17 KJV)** Hindi sumuko si Jose nang marinig niyang lumipat sila sa Dotan. **Bilang isang bantay o tagapangalaga, upang maabot mo ang iyong ministeryo, kailangan mong magpatuloy at magsikap hanggang marating mo ang lugar na nais ng Dios na marating mo.**

**“18 At kanilang natanawan siya sa malayo, at bago nakalapit sa kanila ay nagbanta sila laban sa kaniya na siya'y patayin. 19 At nagsangusapan, Narito, dumarating itong mapanaginipin. 20 Halikayo ngayon, siya'y ating patayin, at siya'y ating itapon sa isa sa mga balon, at ating sasabihin, Sinakmal siya ng isang masamang hayop: at ating makikita kung anong mangyayari sa kaniyang mga panaginip. 21 At narinig ni Ruben, at iniligtas siya sa kanilang kamay; at sinabi, Huwag nating kitlin ang kaniyang buhay. 22 At sinabi ni Ruben sa kanila, Huwag kayong magbubo ng dugo; itapon ninyo sa balong ito na nasa ilang, datapuwa't huwag ninyong pagbuhatan ng kamay; upang iligtas sa kanilang kamay ng mapabalik sa kaniyang ama. 23 At nangyari, nang dumating si Jose sa kaniyang mga kapatid, na hinubdan siya ng kaniyang tunika, ng tunikang may sarisaring kulay na kaniyang suot; 24 At kanilang sinunggaban, at kanilang itinapon sa balon: at ang balon ay tuyo, walang tubig. 25 At nagsiupo upang kumain ng tinapay, at kanilang itiningin ang kanilang mga mata at tumingin sila, at, narito, ang isang pulutong na mga Ismaelita na nagsisipanggaling sa Gilead sangpu ng kanilang mga kamelyo at may dalang mga pabango, at mga balsamo, at mga mirra, na kanilang dadalhin sa Egipto. 26 At sinabi ni Juda sa kaniyang mga kapatid. Anong ating mapapakinabang kung ating patayin ang ating kapatid, at ilihim ang kaniyang dugo? 27 Halikayo, at atin siyang ipagbili sa mga Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay; sapagka't siya'y ating kapatid, atin din laman. At dininig siya ng kaniyang mga kapatid. 28 At nagsisipagdaan ang mga mangangalakal na mga Midianita; at kanilang isinampa si Jose sa balon, at ipinagbili nila si Jose sa mga Ismaelita ng dalawang pung putol na pilak. At dinala si Jose sa Egipto. 29 At nagbalik si Ruben sa balon; at, narito, na si Jose ay wala sa balon; at kaniyang hinapak ang kaniyang mga suot. 30 At siya'y nagbalik sa kaniyang mga kapatid, at kaniyang sinabi, Wala ang bata; at ako, saan ako paroroon? 31 At kanilang kinuha ang tunika ni Jose, at sila'y pumatay ng isang lalaking kambing, at kanilang inilubog ang tunika sa dugo: 32 At kanilang ipinadala ang tunikang may sarisaring kulay, at dinala sa kanilang ama; at kanilang sinabi, Ito'y aming nasumpungan: kulalanin mo ngayon, kung tunika ng iyong anak o hindi. 33 At kaniyang kinilala, at sinabi, Siya ngang tunika ng aking anak; sinakmal siya ng isang masamang hayop; si Jose ay walang pagsalang nilapa. 34 At hinapak ni Jacob ang kaniyang mga suot, at kaniyang nilagyan ng magaspang na damit ang kaniyang mga balakang, at tinangisang maraming araw ang kaniyang anak. 35 At**

*nagsitindig ang lahat niyang mga anak na lalake at babae upang siya'y aliwin; datapuwa't tumanggi siyang maaliw; at kaniyang sinabi, Sapagka't lulusong akong tumatangis sa aking anak hanggang sa Sheol. At tinangisan siya ng kaniyang ama. 36 At ipinagbili siya ng mga Midianita sa Egipto kay Potiphar, puno ni Faraon, na kapitan ng bantay.” (Genesis 37:18-36 KJV)*

**8. Maging matalino at maingat sa pakikitungo sa tao:** *“Halikayo ngayon, siya'y ating patayin, at siya'y ating itapon sa isa sa mga balon, at ating sasabihin, Sinakmal siya ng isang masamang hayop: at ating makikita kung anong mangyayari sa kaniyang mga panaginip.” (Genesis 37:20 KJV)* Si Jose ay pinadala ng kanyang ama upang tingnan ang kanyang mga kapatid, ngunit sila ay nagtataglay ng masasamang iniisip laban sa kanya at pinagsamantalahan siya. Nagsinungaling pa sila upang itago ang kanilang kasalanan sa kaalaman ng kanilang ama. Bilang isang bantay na lalaki o babae, ikaw ay tinawag upang maging matalino at mapanuri sa paraan ng pakikitungo sa mga taong ipinapadala ka. *“16 Narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo: mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati.” (Mateo 10:16 KJV)*

**9. Panatilihin ang katapatan at tanggapin ang pag-uusig:** Bilang isang bantay na lalaki o babae, maging tapat sa Dios at gampanan ang iyong ministeryo nang tapat para sa Panginoon. Kahit na ang mga taong iyong pinaglilingkuran ay maaaring mang-abuso at uusigin ka, kailangan mong panatilihin ang iyong katapatam at ipagpatuloy ang paglilingkod sa Panginoon. *“22 Mapapalad kayo kung kayo'y kapootan ng mga tao, at kung kayo'y ihiwalay nila, at kayo'y alimurahin, at itakuwil ang inyong pangalan na tila masasama, dahil sa Anak ng tao. 23 Mangagalak kayo sa araw na yaon, at magsilukso kayo sa kagalakan; sapagka't narito, ang ganti sa inyo'y malaki sa langit; sapagka't sa gayon ding paraan ang ginawa ng kanilang mga magulang sa mga propeta.” (Lucas 6:22-23 KJV)* Ang pag-uusig ay hindi dahilan para umatras ka sa ministeryo at umatras sa pagiging tapat na bantay na lalaki at babae.

**10. Magkaroon ng malaking puso at patawarin ang mga nakasakit sa iyo, at unawain ang plano ng kaligtasan ng Dios:** *“5 At ngayo'y huwag kayong magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili na inyo akong ipinagbili rito: sapagka't sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang magadya ng buhay.” (Genesis 45:5 KJV)* Pagkatapos ng maraming taon mula sa nasabing pangyayari, nakipagkita si Jose sa kanyang mga kapatid at natakot sila na siya'y maghihiganti sa kanila ngunit hindi sila pinahamak o pinarusahan ni Jose. Naiintindihan ni Jose ang plano ng Dios para sa kaligtasan ng buong kanyang pamilya. Pinalakas niya pa nga ang loob ng kanyang mga kapatid at tiniyak sa kanila, *“7 At sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang papanatilihin kayong pinakalahi sa lupa, at upang iligtas kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas. 8 Hindi nga kayo ang nagsugo sa akin dito, kundi ang Dios: at kaniya akong ginawang ama kay Faraon, at panginoon sa buo niyang bahay, at tagapamahala ng buong lupain ng Egipto.” (Genesis 45:7-8 KJV)* maging pagkatapos ng pagkamatay ng kanyang ama tiniyak niya sa kanyang mga kapatid na hindi niya sila sasaktan, *“15 At nang makita ng mga kapatid ni Jose, na ang kanilang ama'y namatay, ay kanilang sinabi, Marahil si Jose ay mapopoot sa atin, at lubos na gagantihin sa atin ang buong kasamaan na ating ginawa sa kaniya. 16 At ipinasabi nila kay Jose, Iniutos ng iyong ama bago namatay, na sinasabi, 17 Ganito sasabihin ninyo kay Jose. Ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo ngayon, ang pagsalangsang ng iyong mga kapatid, at ang kanilang kasalanan; at ngayon, ay aming isinasamo sa iyo, na ipatawad mo ang mga pagsalangsang ng mga lingkod ng Dios ng iyong ama. At si Jose ay umiyak ng kanilang salitain sa kaniya. 18 At naparoon ang kaniyang mga kapatid naman at nagpatirapa sa harap niya; at kanilang sinabi, Narito, kaming iyong mga lingkod. 19 At sinabi ni Jose sa kanila, Huwag kayong matakot, sapagka't nasa kalagayan ba ako ng Dios? 20 At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay na kasamaan laban sa akin; nguni't ipinalagay ng Dios na kabutihan upang mangyari ang gaya sa araw na ito, na iligtas ang buhay ng maraming tao. 21 Kaya nga huwag kayong matakot: aking pakakanin kayo at ang inyong mga bata. At kaniyang inaliw sila at kaniyang pinagsalitaan sila na may kagandahang loob.” (Genesis 50:15-21 KJV)* Bilang isang bantay na lalaki o babae, kailangan mong magkaroon ng malaking puso at maging handang patawarin ang mga taong nanakit at nakasakit sa'yo upang ang plano ng kaligtasan ng Dios ay dumaloy sa buhay ng ibang tao. Hilingin sa Dios na bigyan ka ng malaking puso upang matanggap at malampasan ang lahat ng sakit. Panginoon, bigyan mo ako ng malaking puso upang magpatawad at malampasan ang lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

**Sa aking mahal at minamahal:** b Inutusan si Jose ng kanyang ama na si Jacob na pumunta, tingnan, at pangsiwaan ang kabutihan ng kanyang mga kapatid. At siya ay tapat at nagpatuloy sa pagtinggin at pagbibigay para sa kanila kahit na nasaktan siya ng kanyang mga kapatid, kaya't natupad ang plano ng Dios ng kaligtasan sa buhay ng Kanyang bayan. Si Jose ay isang halimbawa o tipo ni Cristo. Si Jesus, bagama't minamahal na Anak ng kanyang Ama at kinapopootan ng masamang mundo, ay ipinadala pa rin ng Ama mula sa Kanyang piling upang bisitahin tayo ng may dakilang kababaang-loob at pagibig. Siya ay bumaba mula sa Langit patungo sa lupa upang hanapin at iligtas tayo; gayunpaman, mga masamang balak ay inilatag laban sa Kanya. Mismong Siya ang dumating, ngunit ang Kanya ay hindi lamang tumanggap sa Kanya, kundi nagplano laban sa Kanya: Ito ang tagapagmana, halika at patayin natin siya; Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus. Ito ay Kanyang sinuong

upang tuparin ang Kanyang layunin na tubusin tayo at iligtas tayo. **Sa parehong paraan, tinatawag ka ng Dios bilang mga bantay na lalake at babae upang alagaan at tingnan ang kabutihan ng inyong mga kapatid at ang ministeryo at mga taong nasa ilalim ng inyong pangangalaga.**

Manalangin tayo....

**Ang aking Panalangin:** Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagpapalinaw sa akin ng mga bagay-bagay at nagbibigay sa akin ng higit na karunungan, pag-unawa, at pananaw upang magpatuloy at paglingkuran Ka na may pusong mapagmahal, maalaga, ganap, responsable, at mapagpatawad. Panginoon, salamat sa lahat ng turo tungkol sa bantay sa mensaheng ito, at salamat din sa lahat ng mga pagtutuwid, pagsaway, at mga paalaala na aming natanggap mula sa iyo.

Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Ipahayag at talikuran ang iyong pag-aatubili na tumugon sa tawag ng Dios, at ang iyong hindi kagustuhang pumunta sa ilang tao sa ilang lugar. Magsisi sa iyong hindi kagustuhang tingnan ang kapakanan ng iyong mga kapatid. Ipahayag ang iyong hindi kagustuhang harapin ang mga makasalanan at iulat sila sa simbahan upang matulungan silang bumalik sa Dios. Ipahayag ang iyong hindi kagustuhang maglakbay at pumunta sa malalayong lugar at sa mga tao. Ipahayag at talikuran ang iyong kakulangan sa pagtitiyaga, pagtitiis, at mahabang pasensya upang maligtas ang mga tao. Ipahayag ang iyong hindi kagustuhang magdusa para kay Cristo at pag-uusig dahil sa Kanyang layunin. Ipahayag at talikuran ang iyong galit at hindi pagpatawad sa mga nakasakit sa iyo. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan \_\_\_\_\_.

Panginoon Ipinagkakaloob ko ang aking buhay sa pagtawag mo sa akin sa mensaheng ito upang pumunta at maabot ang mga naliligaw at ang mga lumayo sa iyo. Panginoon, ipinagkakaloob ko ang aking sarili na pumunta at tingnan ang kapakanan ng aking mga kapatid at handang mag-ulat tungkol sa kanila sa simbahan. Panginoon, handa akong patawarin ang mga sumusunod na tao \_\_\_\_\_, upang ang Iyong plano ng kaligtasan ay maipamahagi sa iba. Panginoon, tulungan mo akong magbunga ng mas maraming bunga ng Espiritu: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, kabaitan, kabutihang-loob, kahinahunan, pagtitiis, at pagpipigil sa sarili. Panginoon, tulungan mo ako at patuloy na tugunan ang aking pangangailangan at patuloy kong paglilingkuran ka.

Panginoon, salamat po sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinagkakaloob ang kanilang sarili upang maging tapat na mga bantay sa tawag na ipinagkatiwala mo sa kanilang buhay. Panginoon, hubugin mo sila para sa kanilang gawain at tulungan silang lubos na sumuko sa iyo upang magawa ang kanilang mga tungkulin at madala ang kaligtasan mo sa iba. Panginoon, protektahan mo sila at ingatan mula sa lahat ng pag-uusig at tugunan ang kanilang pangangailangan upang patuloy silang maglingkod sa iyo.

Panginoon tulungan kami bilang iyong simbahan upang ipahayag ang iyong Salita at ng iyong kalooban at turuan ang iyong bayan ng iyong mga daan at ng iyong plano sa kanila upang maging tapat na bantay na lalaki at babae sa kanilang paglilingkod sa iyo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal a Espiritu at patnubayan kaming abutin ang bagong mga tao ng iyong Salita upang mag evangelio, gumawa ng mga alagad, at magsanay ng mga manggagaw na yumaon at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin namin para sa maraming tao na mabustismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)